



## Tanggapan ng Gobernador

**JB Pritzker**

### PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS

Sabado, Abril 1, 2023

### MAKIPAG-UGNAY SA

[Gov.Press@illinois.gov](mailto:Gov.Press@illinois.gov)

## **Naglabas si Gob. Pritzker ng Proklamasyon ng Sakuna, na Nagbubukas ng Mga Rekurso para sa Mga Lugar na Napinsala ng Mga Buhawi sa Buong Illinois**

*Ang Gobernador ay nakikipagtulungan sa IEMA at mga lokal na opisyal upang isaayos ang matatag, buong estadong pagsisikap sa pagbangon*

**SPRINGFIELD** — Ngayon, naglabas si Gobernador JB Pritzker ng proklamasyon ng sakuna para mabuksan ang agarang tulong at magbigay ng suporta sa kaligtasan ng publiko para sa mga komunidad sa buong Illinois na naapektuhan ng mga buhawi at masamang panahon kagabi. Kasama sa proklamasyon ng sakuna ang mga County ng Boone, Crawford, DuPage, Marion at Sangamon. Inuutusan din ng Gobernador ang Illinois Emergency Management Agency (IEMA) na magsaayos ng isang matatag, buong estadong pagsisikap sa pagtugon at pagbangon, na kinabibilangan ng maraming ahensya ng estado, mga entidad ng pampublikong kaligtasan, at mga non-governmental organization.

“Ang mga mapaminsalang bagyo na dumaan sa ating estado kagabi ay winasak ang mga komunidad at nagresulta sa nakakalungkot na pinsala at pagkawala ng buhay,” **sabi ni Gobernador JB Pritzker**. “Bilang tugon, ako ay naglalabas ng agarang proklamasyon ng sakuna para agad na maibigay ang lahat ng kinakailangang tulong sa ating mga komunidad. Ako ay malapitang nakikipag-ugnayan sa Illinois Emergency Management Agency at mga lokal na partner sa buong estado upang matiyak na ang bawat posibleng rekurso ay ibinibigay sa mga nagdurusa o nakakaranas ng paglilipat. Ang aking taos-

pusong pasasalamat ay ipinaaabot sa mga unang tumugon at mga opisyal ng emerhensiya na nagtrabaho buong gabi at patuloy na magtatrabaho nang walang tigil sa mga susunod na araw at linggo upang matulungan ang mga apektado.”

Ang proklamasyon ng sakuna, na kaagad na ipatutupad, ay susuporta sa mga operasyon ng lokal na pamahalaan sa pagtugon at pagbangon kung saan kinakailangan. Habang patuloy ang mga pagsisikap sa pagtugon, hinihikayat ang mga taga-Illinois na magpatuloy sa pagsunod sa mga lokal na awtoridad upang manatiling up to date sa mga pinakabagong kondisyon sa kanilang mga komunidad.

Ang mga lugar na naapektuhan ng masamang panahon kagabi ay kinabibilangan ng:

- Boone County, kung saan umabot ang malakas na hangin sa 90 m.p.h., na nagdulot ng bahagyang pagbagsak sa Apollo Theater sa Belvidere na nagresulta sa isang pagkamatay.
- Crawford County, kung saan ang malakas na hangin ay humantong sa ilang mga istraktura na gumuho, na nagresulta sa tatlong pagkamatay.
- Sa parehong Boone at Crawford County, humigit-kumulang 30 istraktura ang nasira, kabilang ang Robinson Airport.
- Nag-ulat ang Sangamon County ng tornado touchdown, na nagdulot ng pinsala sa maraming istraktura sa Sherman, Riverton, at Dawson.
- Sa Marion County, humigit-kumulang isang dosenang tahanan at negosyo ang nasira at sa Nayon ng Addison sa DuPage County, maraming istraktura ang nasira.

Ang IEMA ay malapitang nakikipag-ugnayan sa National Weather Service, na may mga opisyal na nagsusuri ng mga pinsala at gumagawa ng mga pagtutukoy sa lakas at aktibidad ng buhawi sa buong estado.

Maaaring i-update ang proklamasyon ng sakuna upang isama ang mga karagdagang county habang nagpapatuloy ang mga pagtatasa ng pinsala.

Ang mga utility company ay nagtatrabaho araw at gabi upang maibalik ang kuryente sa buong Illinois, at sa kasalukuyan, iilang lokasyon lamang ang walang kuryente. Ang Pritzker Administration ay magpapatuloy sa pagsubaybay at pakikipagtulungan sa Ameren at Comed upang matiyak na maibalik ang kuryente sa buong estado.

“Ang IEMA ay nakikipagtulungan sa ating mga lokal at county na mga partner sa pampublikong kaligtasan at mga Tagapamahala ng Emerhensiya upang masuri ang malawakang pinsala sa buong estado kabilang dito sa Apollo Theater sa Belvidere sa Boone County, at sa Robinson sa Crawford County,” **sabi ng Direktor ng IEMA na si Alicia Tate-Nadeau.** “Patuloy naming tinatasa ang iba pang pinsala sa maraming county sa buong Illinois.”

“Narito kami kasama ang mga opisyal sa Crawford County habang patuloy naming tinatasa ang mga pinsala dito at sa mga nakapaligid na lugar,” **sabi ng Deputy**

**Director ng IEMA na si Scott Swinford.** “Maraming tirahan ang apektado, kabilang ang tatlong nasawi dito sa Robinson.”

Ang State Emergency Operations Center ng IEMA sa Springfield ay patuloy na aktibo, na nagsasaayos sa pagtugon ng estado sa bagyo. Ang lahat ng mga regional na coordinator at kinatawan ng IEMA ay nagsisikap upang mabilis na mai-deploy ang mga rekurso sa mga apektadong komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang Illinois Emergency Management Agency (IEMA) sa [www.Ready.Illinois.gov](http://www.Ready.Illinois.gov)

###